**Anunsyo Hinggil sa Programa ng Tulong Pang-Edukasyon**

## Kami ay magbibigay ng pinansyal na suporta sa pagpapatala ng inyong mga anak sa Municipal Elementary at Junior High School!

**Kinakailangan gawin ng mga magulang**



Q1: Ano ang Education Support Fee?

Q2: Sino ang maaaring makatanggap na Education Support Fee?

A1: Susuportahan namin ang mga gastos na kinakailangan ng inyong anak sa pag-aaral nila sa Municipal Elementary o Junior High School.

(Mga halimbawa)



School supplies



School lunch fees



School trips

A2: Ang mga sumasailalim sa alinman sa mga sumusunod na dahilan para sa aplikasyon ay maaaring mag-aplay para sa Education Support Fee. **Kung hindi ka nakasisiguro na ito ay angkop sa iyo, ngunit gusto mong makatanggap ng Education Support Fee, huwag mag-atubiling mag-aplay.**

| | Dahilan para sa aplikasyon |
|---|---|
| (1) | Pagtanggap ng welfare benefits |
| (2) | Sinuspinde o tinanggalan ng welfare assistance sa kasalukuyan o nakaraang fiscal year |
| (3) | Upang makatanggap ng sustento para sa bata<br>*Ang mga tumatanggap ng Child Allowance at Special Child Support Allowance ay hindi kwalipikado. |
| (4) | Ang kita sa Taong 2024 ay mas mababa sa karaniwang halaga (tingnan ang guidelines para sa halaga) |
| (5) | Iba pang mga problemang pinansyal |

* Para sa (5) , tingnan ang kalakip na “Mga dahilan at kinakailangang mga dokumento kung bakit nangangailangan ng tulong kahit na ang halaga ay lagpas sa sertipikadong pamantayan".

| Bilang ng mga tao sa tahanan | Kabuuang kita (Tinatayang halaga) |
|---|---|
| 2 katao | Humigit kumulang 2.3 million yen |
| 3 katao | Humigit kumulang 2.86 million yen |
| 4 katao | Humigit kumulang 3.3 million yen |
| 5 katao | Humigit kumulang 3.79 million yen |
| 6 katao | Humigit kumulang 4.3 million yen |
| 7 katao | Humigit kumulang 4.82 million yen |
| 8 katao | Humigit kumulang 5.16 million yen |

Ang mga may hawak na balidong sertipikasyon hanggang sa pagtatapos ng taong piskal 2024 ay sasailalim sa wtomatikong “pagsusuri” nang hindi na mangangailangan ng “aplikasyon”.


①Ang kumpletong gabay ay ipapadala sa inyong bahay



②Mag aplay online o sa pamamagitan ng koreo



③Pagsusuri ng Kagawaran ng Edukasyon
Ang mga detalye ukol sa kalagayan ng aplikasyon at sertipikasyon, at iba pa, ay ipagbibigay alam sa paaralan



- Tingnan ang nakalakip na dokumento para sa detalye ng online na aplikasyon.
- Ang aplikante ang magbabayad ng gastos sa sobre at koreo kapag ang aplikasyon ay sa koreo.
- Ang mga aplikanteng kuwalipikado sa “Patuloy na Aplikasyon” ay hindi na kailangang mag aplay.

④Matatanggap ng aplikante ang resulta ng kanilang sertipikasyon sa pamamagitan ng koreo sa kanilang bahay.

※Ang unang abiso ng resulta ay inaasahan sa katapusan ng Hulyo.

## Taunang iskedyul ng Education Support Fee

| 2025.4 Month | May | Jun | Jul | Aug | Sep | Oct | Nov | Dec | 2026.1 Month | Feb | Mar | Apr |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Fiscal year 2025 panahon ng pagtanggap ng aplikasyon sa Education Support Fee → | | | | | | | | | | | | → |
| | | | Abiso ng resulta ng sertipikasyon | Unang pagbibigay | | Pangalawang pagbibigay | | Ika-3 pagbibigay | | | Ika-4 na pagbibigay | |

*1 Ang aplikasyon ay maaaring "online" o "papel". Ang pagsumite ay sa Kagawaran ng Pag-aaral ng Lupon ng Edukasyon ng Kawasaki City.

*2 Ang mga "sertipikado sa ika-31 ng Marso, 2025" ay hindi na kailangan magpasa ng aplikasyon (ito ay susuriin na parang naipasa na).

*3 Ang mga aplikasyon ay maaaring isumite anumang oras sa buong taon, ngunit sa pangkalahatan, ang pagbibigay ng tulong pinansiyal ay isang buwan mula sa pagka apruba. Bukod dito, upang maaprubahan sa simula ng piskal na taon (Abril 1), kailangang magsumite ng aplikasyon bago mag Hunyo 2.

*4 Ang unang abiso ng resulta ay inaasahan sa katapusan ng Hulyo. Kung ang aplikasyon ay hindi umabot sa unang pagsusuri dahil sa panahon ng aplikasyon o sa nilalaman ng aplikasyon, ang resulta ay ipapadala paunti-unti simula Agosto, na naayon sa iskedyul ng pagbibigay ng tulong pinansiyal.

*5 Ang abiso sa resulta ng sertipikasyon ay ipapadala sa mga aplikante sa kalagitnaan ng taon at sa mga magsusumite ng karagdagang mga dokumento anumang oras mula Agosto, alinsunod sa panahon ng pagbabayad.

## Ang mga uri at halaga ng mga Education Support Fee (at talahanayan sa ibaba ay para sa Taong 2024)

| Support Fee Items | Elementary | | | Junior High School | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Taon 1 | Taon 2-5 | Taon 6 | Taon 1 | Taon 2 | Taon 3 |
| Mga gastos sa school supplies/gastos sa pagpasok | 11,630 yen (Taunang halaga) | 13,900 yen (Taunang halaga) | | 22,730 yen (Taunang halaga) | 25,000 yen (Taunang halaga) | |
| Extracurricular activity fee (*) | 1,600 yen (Taunang halaga) | | | 2,310 yen (Taunang halaga) | | |
| Bayad sa paglahok sa Summer season facility | | Aktwal na bayad sa gastos | | | Aktwal na bayad sa gastos | |
| Bayad sa paglahok sa Nature Classes (Bayad sa pagkain) (*) | | 5th grade lamang 3,620 yen | | 3,620 yen | | |
| Mga gastos sa pagko-commute | Mga aktwal na gastos na binayaran (kung nakatira sa loob ng distrito ng paaralan at nakatira nang higit sa 2km distansya lamang) | | | Mga aktwal na gastos na binayaran (kung nakatira sa loob ng distrito ng paaralan at nakatira nang higit sa 3km distansya lamang) | | |
| Mga bayarin sa school supplies para sa mga bagong estudyante | 57,060 yen | | Bayad sa paghahanda sa bagong pagpasok 63,000 yen | 63,000 yen | | |
| Mga gastos sa school trips (*) | | | Aktwal na bayad sa gastos | | | Aktwal na bayad sa gastos |
| Bayad sa Club Activities | | | | 20,280 yen (Taunang halaga) | 12,480 yen (Taunang halaga) | 7,200 yen (Taunang halaga) |
| Graduation album fee, atbp. | | | Aktwal na bayad sa gastos | | | Aktwal na bayad sa gastos |
| Mga gastos sa mga karamdaman sa paaralan (*) | Aktwal na gastos | | | Aktwal na gastos | | |
| Mga gastos sa school lunch | Aktwal na gastos (Sasaklawin ng lungsod ang aktwal na gastos pagkatapos makatanggap ng Education Support) | | | | | |

• Ang mga tatanggap ng welfare ay karapat-dapat para sa pagbabayad lamang para sa mga gastos sa suporta na may markang (*)

• Ang mga nakatanggap ng "Bagong Pondo sa Paghahanda sa Enrolment" sa Grade 6 ng elementarya ay hindi na makatatanggap ng "Bagong Gastos sa mga Gamit sa Pag-enrol" sa unang taon ng Junior High School.

• Kailanganin mong bayaran ang mga gastusin sa tanghalian sa paaralan hanggang sa ikaw ay ma-certify bilang suporta sa paaralan, at pagkatapos ng sertipikasyon, ibabalik ng Healthy School Lunch Promotion Office ang halaga na iyong binayaran sa panahon ng sertipikasyon sa iyong rehistradong school lunch account.

**Impormasyon sa pakikipag-ugnayan**

General Studies Support System General Affairs Department - Academic Affairs Division 044-200-3736
Home page: https://www.city.kawasaki.jp/880/category/12-8-1-0-0-0-0-0-0-0.html
English / 中文 / 한글 / Español / Português / ภาษาไทย / Người việt nam / Filipino / नेपाली
Mga Gastos sa mga Karamdaman sa Paaralan -
School Education Department - Health and Education Division 044-200-3293